



## Porma ng Pahintulot at Pagpapalabas ng Litrato/Video/Audio at Personal na Salaysay ng County ng San Mateo

Sa pagpirma sa porma ng pahintulot at pagpapalabas na ito iginagawad ko sa County ng San Mateo ("County") at sa mga kinatawan nito ang karapatang gamitin ang aking pangalan, larawan, imahe, boses, anyo, at/o personal na salaysay na napapaloob sa anumang mga pagrekord na kinuha o ginawa County o ipinagkaloob ko. Sumasang-ayon ako na ang County ay nagmamay-ari at maaaring gumamit ng naturang materyal na walang takda at walang nauunang inspeksiyon o pag-aproba ko. Ang mga naturang paggamit ay kabilang ang, pero hindi limitado sa, mga paglalagay sa social media, mga pagpapahayag, mga pabalita, mga website, at mga materyal para sa promosyon o impormasyon sa anumang pamamaraan. Alam ko na hindi ako tatanggap ng anumang kabayaran para sa paggamit ng mga naturang imahe, pagrekord, larawan, o salaysay.

Ako ay nagpapahayag na ako ay hindi kukulangin sa 18 taong gulang at nabasa ko itong porma ng pahintulot at pagpapalabas nang lubos at naiintindihan ang mga nilalaman nito. Kung ako ay isang magulang o tagapangalaga ng mga menor na bata, sa paglilista sa kanila sa ibaba sumasang-ayon ako sa pagsaklaw sa kanila nitong porma ng pahintulot at pagpapalabas. Binibigyang-laya at inilalabas ko ang County at ang mga ahente o kinatawan nito mula sa lahat ng mga paghahabol, demanda at pananagutan, kabilang ang mga paghahabol na kaugnay ng pinsala sa katawan, na ibinunga ng o may kaugnayan sa paggamit ng anumang pangalan, larawan, pagrekord, o personal na salaysay na saklaw ng pormang ito, at ang pagpapalabas na ito ay dapat na may-bisa sa akin at sa aking mga tagapagmana, mga legal na kinatawan, at mga itinalaga.

Ang pahintulot at pagpapalabas na ito ay pinasok sa ilalim ng mga batas ng Estado ng California at dapat pamahalaan at bigyang-kahulugan ng mga batas na ito.

.....

Pangalan ng event (pulong, seminar, atbp.): \_\_\_\_\_

Petsa ng event: \_\_\_\_\_ o petsang saklaw: \_\_\_\_\_  
(Halimbawa: 4/12/16) (Halimbawa: 7/1/16 hanggang 9/30/16)

Pangalan (Nakalimbag): \_\_\_\_\_

**Pirma:** \_\_\_\_\_ **Petsa:** \_\_\_\_\_

Iyong kalyeng address: \_\_\_\_\_  
(Kabilang ang Lungsod, Estado, at ZIP)

Telepono: \_\_\_\_\_ E-mail address: \_\_\_\_\_

Mga pangalan ng mga menor na bata (wala pang 18 taong gulang) na saklaw ng pagpapalabas na ito:

\_\_\_\_\_